

Pagsasanay sa Filipino

© 2013 Pia Noche, www.samutsamot.com

Pangalan _____ Petsa _____ Marka _____

Pagtukoy sa Mga Bahagi ng Aklat

Pumili ng isang aklat sa silid-aklatan ng inyong paaralan o sa inyong bahay.

A. Nakalista sa ibaba ang iba't-ibang bahagi ng aklat. Magsulat ng tsek sa patlang ng bahagi kung nahanap mo ito sa aklat na iyong pinili.

- | | |
|---------------------------------|----------------------------------------|
| ___ 1. pabalat | ___ 6. katawan ng aklat |
| ___ 2. pahina ng pamagat | ___ 7. apendiks |
| ___ 3. pahina ng karapatang-ari | ___ 8. talasanggunian o bibliyograpiya |
| ___ 4. paunang salita | ___ 9. talatinigan o glosari |
| ___ 5. talaan ng nilalaman | ___ 10. indeks |

May bahagi ba ang aklat na wala sa listahan sa itaas? Ano ang tawag sa bahagi o mga bahaging ito?

B. Sagutin ang mga sumusunod na tanong tungkol sa aklat na pinili mo:

1. Ano ang buong pamagat ng aklat? _____
2. Sino ang nagsulat ng aklat? _____
3. Sino ang may karapatang-ari ng aklat? _____
4. Kailan inilathala ang aklat? _____
5. Saan inilathala ang aklat? _____
6. Ilang kabanata ang nasa aklat na ito? _____
7. Ano ang pamagat ng unang kabanata ng aklat? _____
8. Sa anong pahina makikita ang katapusan ng katawan ng aklat? _____
9. Kung may talasanggunian o bibliyograpiya ang aklat mo, magbigay ng isang may-akda at detalya ng kanyang ginawa.

10. Kung may talatinigan o glosari ang aklat mo, magbigay ng isang salita at ang kahulugan nito.
